

Ilang Aspeto ng Musika sa Indonesya

R. Moerdowo

Ang Kahirapan Sa Pagbibigay ng Heneralisasyon

Anumang pagtatangkang magbigay ng mga pangkalahatang pananaw (generalization) tungkol sa musika sa Indonesya ay tiyak na magiging di kasiya-siya sa iba't ibang mga kadahilanan.

Una, ang Indonesya ay binubuo ng maraming maliliit at malalaking isla, at bagama't ang mga ito'y nasasakop ng iisang bansa lamang at nasasaklaw ng isang wikang pambansa, ang Bahasa Indonesya, nagpapakita ito ng malawak na kakanyahan sa mga anyo ng sining, bunga ng isang mayamang pagkakaiba-iba ng mga musikang pantinig at pang-instrumento.

Pangalawa, dapat nating isaalang-alang ang dami ng mga impluwensiyang galing sa labas sa katutubong kulturang ito. Ang mga pananaliksik sa arkeolohiya, etnolohiya at kasaysayan ay nagpapatunay ng mga pagdating ng mga dayuhang siyang nagdala sa mga kapuluang ito ng mga bagong sibilisasyon at kulturang siyang nakaapekto at nagreporma sa kultura ng bansang binanggit. Ang musika ay di nakaligtas sa mga pagbabagong naganap. Lubhang mayaman ang lupang kinatataniman ng kultura ng mga Indones at ang mga binhi mula sa malalayong lugar ay madaling nagka-ugat dito. Kasabay nito, ang mga katutubong kultura ay hindi pumayag na madaig at sa maraming pagkakataon ay nakaagpang ito (to adapt) at naibang bahagya ang mga bagong elemento para mapayaman ang sarili at maturingang kanila ang mga ito.

* Si R. Moerdowo ay dating Cultural Attache ng Embahadang Indonesia sa London, Inglatera.

Layunin din nitong tulungan ang mga batang kompositor ng modernong musikang Indones sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga kailangan sa pag-aaral. Ang mga may sapat na kahusayan sa musika ay ipinadadala sa ibang bansa upang ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral.

Inaasahang ang Akademyang ito, kasama ang Konserbatoryo Para sa Tradisyonal na Musikang Indones, ay magiging pangunahing institusyon sa pananaliksik at pagsubok ng bagong musika; at magpapatunay na ito ang isang malaking mapagkukunan ng kaalaman ng musikang Indones, upang ang kayamanan ng kulturang Indonesya sa larangan ng musika ay lalo pang makilala.

SUMMARY

Any attempt to generalize about music in Indonesia is bound to be unsatisfactory for various reasons. First, although bound together politically and by a national language, these many islands exhibit a vast variety of musical expression. Second, influences from the outside, particularly Hindu, Islamic, and to some extent, Portuguese and Dutch, have linked an old music culture to others through time.

A highly cultivated court music in Java and Bali, expressed through the gamelan, is practised apart from a rural music in villages. The gamelan is composed of varied sizes and profiles of gongs, suspended or laid in a row, of metal bars on tube and through resonators, wooden xylophone, drums, zither, bamboo flute, small struck instruments and the human voice. It plays during religious festivities or celebrations at the courtyard of the temple or the mosque. The gamelan also provides music for the performance of dance and the wayang plays.

Each region has its own art of vocal music, which is related to ceremonies during birth and death, harvest time; stories of the Mahabharata and Ramayana are chanted during the performance of wayang shadow plays, accompanied by the gamelan.

In other islands, like in Sumatra, drums and flute and occasionally, the violin, accompany dancing. In Timor, stringed instruments made from bamboo and palm leaves are used. Other combinations of instruments to form small ensembles may be found in the Moluccas and in Ambon.

Contact with Portuguese spice traders and Christian missionaries in the sixteenth century brought Western music to Indonesia. Traces of this contact still remain in the Krontjong or Stambul music. During the time of the Revolution, many gay and cheerful marches were composed, while guerilla fighters departing from their families provided ample materials for sentimental ballads and songs.

Today, music schools are engaged in research and experiments, and teach Western music and traditional Indonesian music and dance.